2009 PBBY-Salanga Prize Winner

Ang Higante sa Loob ng Aming Bahay

Isinulat ni Raymund Garlitos

Lahat ng bagay sa loob ng aming bahay ay maliit.
Mula sa mga upuan, sa mga plato't kutsara sa hapag-kainan,
pati na sa mga unan sa aming higaan.
Pero maniniwala ba kayong hindi ito problema
sa kasama naming higante sa bahay?

Ang higante sa loob ng aming bahay
ay dumating bago magtanghalian.
Alam namin na siya'y naririyan na sa pintuan.
"MMMMAAAA!" ang kanyang bulahaw
na parang kaboses niya ang isang kalabaw.
"Naku! Nariyan na ang higante!" sabi ni Nanay
sabay hagikgik habang hinahanda ang aming tanghalian.

Pagpasok niya'y dinig mo ang kanyang paglakad,
bawat pag-apak ay mabigat at pakaladkad.
Pagkatapos, ang higante'y sasalampak sa sopa
at manonood na ng telebisyon na nakahilata.
"Mahal, masarap ang ulam natin," lambing ni Nanay
sa higanteng hagalpak ang tawa sa pinanonood na komedya.
"TAWAGIN MO NA SINA LINGGIT AT UTOY.
MAY DALA AKONG SORBETES NA NANGKA AT KASOY,"
sabi ng higanteng ang boses ay dumadagundong, parang kulog.

“Mano po! Mano po!" ang sabi nina Ate Linggit at Kuya Utoy
sabay kuha sa dambuhalang kamay ng higanteng hawak na ang malaking kutsara.
"Ikaw, Matt-Matt, di ka ba magmamano?" yakag sa akin ni Nanay,
tinutulak niya ako patungo sa higanteng nakangiti sa akin.
"Mmmmmaanno ppppooo ... " sabay kuha sa kamay niyang singbigat
ng basketbol at singlapad ng pamaypay na abaniko at inilapat sa aking noo,
sabay karipas ng takbo patungo sa nanay ko.
Nagtawanan silang lahat sa aking ginawa.
"PARANG NAKAKITA NG MULTO ITONG SI BUNSO," sabay bunghalit ng tawa
ng higanteng parang kumakahol na asong mataba.

Maliban sa akin, si Nanay, si Ate Linggit at Kuya Utoy
ay hindi natatakot sa higanteng nakatira sa aming bahay.
May mga retrato pa nga silang magkasama,
pagkatamis-tamis ng ngiti at nagniningning ang mga mata.

Ngunit bakit ba talaga ako natatakot sa kanya?
Hindi dahil singtangkad siva ng poste ng kuryente
o singlapad ng aming eskaparate.
Hindi dahil sa malakas niyang pagtawa
o sa boses niyang parang nanggagaling sa lupa.

Takot na takot ako sa kanya dahil ngayon ko lang siva nakita.
Sa katunayan, Iimang araw pa lang kaming magkakilala.
Sabi ng nanay sa akin, galing raw kasi siya ng ibang bansa
kung saan siya nagtrabaho ng Iimang taon kaya di ko siya kinalakihan.
"Pero huwag kang mag-alala, lagi mo na siyang makikita
at makakasama dito sa bahay kapag ako'y may trabaho
at ang mga kapatid mo ay pumapasok sa eskuwela."
Naku! Maiiwan ako ritong kasama siya!
Ano kayang mangyayari sa aming dalawa?

Hindi kava ako ay kanyang ibalibag nang buong Jakas
o idribol na parang basketbol o ihagis na parang balibol?
O di kaya'y iluto na parang adobo o apritada
o ikulong sa banyo kung saan maraming ipis at gagamba?
Ganito raw kasi ang kadalasang ginagawa ng mga higante
sa mga Iibro at komiks na paborito kong basahin.
Ganito rin ang sabi sa akin ng mga kalaro kong malikot ang kukote.

"MATI-MATI, GISING NA," bati ng higante sa akin
sabay yugyog niya sa aking balikat upang ako'y dumilat.
"MATAGAL-TAGAL RIN KITANG HINDI NAKASAMA.
KAYA MAMAMASYAL TAYONG DALAWA. ANO, PAYAG KA BA?"
Sumagot ako ng "Opo" kahit mabilis ang tibok ng puso ko.
Tinulungan niya ako sa pagligo, pagdadamit at pagsintas ng sapatos ko.

Sa aming paglalakad, maraming tao ang bumabati
sa higanteng mabagal na lumalakad sa aking tabi.
"Aba, pareng Leni, saan kayo pupunta ng bulilit mo?"
Tanong ni Tito Arturo na may-ari ng malaking sari-sari store.
"Uy, kumusta ka na, kuya Lenil Nasaan na ang pasalubong?"
Kantiyaw ni Tita Mely habang nag-iihaw ng relyenong bangus
at barbekyu na ititinda mamayang gabi.
Nagtataka ako dahil di sila natatakot sa kanya.
Sa halip, tila sikat na sikat itong higante sa aming barangayl

Nagpunta kami sa parke, sa museong pambata,
at akwaryum na may napakaraming isda at pugita.
Pumunta kami sa mall at kumain ng hamburger at pizza.
Unti-unting nawala ang aking kaba sa matangkad kong kasama,
lalo nang nginitian niya ako, sabay sabing, "SANA'Y MASAYA KAI"
At nang ako'y mapagod, ako'y kanyang isinakay
sa matatag niyang mga balikat habang naglalakbay.
Masarap pala ang pakiramdam kapag ikaw ay nasa tuktok!

Mas lumilinaw ang panonood ko ng mga paputok!

At nang sa wakas ako'y inantok at nagsimulang humikab,
isinandal ko ang aking ulo sa tiyan niyang malapad
at naramdaman ko sa aking noo ang makapal niyang palad.
Marahan niya akong hinaplos hanggang ako'y managinip
na nakasakay sa eroplano, at sa mga ulap sumisilip.

Ngayon, alam ko na kung bakit itong si Nanay,
si Ate Linggit at Kuya Utov,
ay malapit ang loob sa higanteng ita sa aming bahay.
Siva ay higante hindi dahil sa laki ng kanyang katawan
o lalim ng kanyang boses kapag nakikipagkuwentuhan.
Siva ay higante dahil sa tawa niyang dumadagundong sa lakas,
dahil sa ngiting lagi niyang ipinapamalas,
dahil sa haplos ng mahinahon niyang palad,
at dahil sa tatag ng mga balikat niyang malapad.

At ngavon, habang kami'y nanood ng TV,
ang hiling ko'y lagi na lang dito sa aking tabi
ang higante na nakatira sa loob ng aming bahav,
na mula noon ay tinatawag kong "TATAY."

Copyright © 2008
All rights reserved.
Please do not reproduce this
without asking for permission
from pbby@adarna.com.ph